

**Presidential Communications Operations Office  
Presidential News Desk**

**INTERVIEW OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE  
WITH PASTOR APOLLO C. QUIBOLOY**

[Kingdom of Jesus Christ Compound in Davao City | 08 June 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Good evening to everybody and good evening to all the viewers of this program tonight. I hope to maybe clarify more the programs of government.

As a government worker, it is my duty to inform the people of the developments regarding every issue. Foremost of which is really the issue of COVID-19 and all other matters that would affect really the color of my governance.

I am ready to answer any question. As a matter of fact, I had my response written because I want to make it clear I might not --- I might miss some but I hope not all, especially in the matter of law and order where the human rights of the Philippines all of them are maybe in doubt and questions about extrajudicial killing.

Even now there are killings, extrajudicial, in the sense that they were killed in gun battles and also please bear in mind that I have lost so many soldiers and policemen in the fight against the drug war, criminality and the terrorists, the NPAs. We consider them as terrorist now and fighting with no other in mind except for plunder and destruction. With that, as a predicate of my answers tonight.

**SISTER ELEANOR CARDONA:** Thank you so much, Mr. President. Maraming salamat po, Mayor, at bago po tayo magpapatuloy before we continue, allow us to show this audio-video presentation of "The Duterte Brand of Leadership: Ang Tatak ng Pagbabago." So panoorin po muna natin ito.

**SIS. CARDONA:** Wow. [applause] Truly such a feat in such a time like this in a very short term. Indeed, the Filipinos are lucky and we are so blessed to have President Rodrigo Duterte in our midst. Pastor, we will now go to our discussion. Would you like to ask the first question, Pastor?

**PASTOR APOLLO QUIBOLOY:** Ang una pong tanong, mahal na Pangulo, on your campaign platforms 'yung anti-crime, anti-drugs, at anti-corruption po ang primary ninyong plataporma, kumusta na po ba ang implementasyon nito?

**PRESIDENT DUTERTE:** Ako talaga ay hardliner, and ganoon talaga ako noon pa, hardliner ako. So since the beginning of my presidency, we have shown our determination in combatting insurgency and terrorism with the end goal of attaining lasting sustainable peace in the country.

In the past five years, our forces have apprehended and captured thousands of lawless elements substantially decreasing the strength of those terrorists. We acknowledge that terrorism and insurgency are problems that have plagued our country for so long. This is why we launched a multi-sectoral approach to address this problem. I am, thus, very grateful to our government forces

in making it possible for us to sustain the momentum of the whole-of-the-nation approach to end the insurgency and terrorism.

We will also continue our socio-economic development mechanism that will address the root cause of our peace and order problem. We need to win the hearts and minds of our people so that they would not be easily fall prey to the manipulative skills of these insurgents and extremist groups.

Alam mo, Pastor, itong NPA ngayon, simply called NPA for lack of a better term aside from being considered a terrorist group, they are fighting without a cause anymore. And Sison is too far away and his grip in the affirmist sector of the insurgency medyo lumuluwag na. Dalawa 'yan eh: reformist and the affirmist. In that battle, well of course, it was a violent one sila Kintanar 'yong nagbago na, pinatay nila, at marami pang iba.

Now, itong mga lider nila diyan ako medyo talagang hardliner. Pero itong mga sundalo nila na farmers, people in the mountains sometimes with no clear livelihood programs, at ito namang walang --- medyo hand-to-mouth existence, they are the first to fall prey to the itong mga salita ng mga NPA na "ganoon, bakit may mga mayayaman? Bakit siya mayaman ikaw may kotse, ikaw wala?" The things that they would tell to a young child, children, in explaining the inequities of the world.

Alam natin ginusto man natin, we cannot call upon the whole world to kneel down before you na makuha ninyo ang gusto ninyo. So ang akin is itong [NTF-]ELCAC, itong the whole-of-the-nation approach. It has a funding and they are trying to win itong mga sundalo na... Alam mo naaawa ako diyan sa mga sundalo nagpapakamatay, iyong iba ilibing lang diyan sa gubat; and their families are never informed that their loved ones have already died. Naaawa ako dito sa mga taong ito kasi wala ka talagang kamuwang-muwang and they still believe...

You know, you know, Pastor, kung maniwala itong mga sundalo na NPA na itong mga lider nila sa Politburo puro milyonaryo, bilyonaryo 'yan. As a matter of fact, iyong mga anak ng mga Politburo, the leaders, ang nag-aral doon sa Europe. Prominent of which is 'yong anak ni Zarate. He is strutting around the universities in Europe. Tapos itong mga sundalo nila gutom minsan.

Alam mo the real hard reality is this: ang NPA, Pastor, is collecting taxes from everybody, lahat 'yan. Huwag ko na lang pangalanan be it a big construction company, road building company o mga infrastructures diyan, mga eskuwelahan, buildings and everything, pati 'yong mga tindahan, 'yong malalaking tindahan sa Maynila --- ayaw ko na lang sabihin mayroon ditong branch kung saan-saan --- nagbabayad 'yan kaya maraming pera ang Politburo. Puro mayaman, sa karamihan sa kanila wala dito nasa Amerika, nasa Europe; and they are being sustained by the taxation collected by these poor people.

Sabihin, "Sige at sunugin mo 'yang tractor ng contractor diyan. Sunugin mo 'yang building diyan kasi hindi nagbibigay ng buwis sa atin." At ito namang mga pobrang sundalo walang kamuwang-muwang sinusunod nila and yet hindi nila alam na nagbayad ng taxes lahat dito sa Pilipinas at doon sila nakatira sa Amerika kung hindi sa Europe. That is the irony of it all.

Tapos itong Amerikano, they have the gall to question our record dito human rights. When as a matter of fact, they know that there is a war going on, that the NPAs extensively they want to overturn this government and take over. Iyan ang hindi naintindihan ng Amerikano eh, kaya minsan hindi kami nagkasundo diyan sa usapan namin. We talk on a different wavelength so

hanggang sometimes it ends up into an argument and it ends up into a recriminations on both sides. Iyon ang ano, Pastor.

Iyong droga, hindi na ako --- ayaw ko nang magsalita basta ito na lang tandaan ninyo ganito ang approach ko sa droga, you deal with drug --- you deal with drugs, you destroy my country, I will kill you. I do not mince my words when I said I will kill you. And when you do drugs, sell it to our daughters, to our young boys and you destroy their lives, I will kill you because that is a defense mechanism of a... Ako, I will kill them.

So huwag na natin pag-usapan kung ano pa ang droga basta hanggang diyan lang ako.

Well, we have seen a lessening of the drugs actually in the Philippines. Dito sa Davao wala na, eh tingi-tingi. But sa ibang lugar mayroon Maynila but they are almost paralyzed because we have a better intelligence now and it's working. Kagaya noon sabi ko I will end the problem of drugs in Manila or in the Philippines, I did not know, Pastor, that about six police generals were into drugs, either sila mismo or protecting the drug people. I did not know that I was fighting my own government. I was fighting corruption in sa Customs at kung saan-saan.

So that is why I took care of the police generals at least alam nila at wala na sila they are out, almost retired lahat sila. Ang akin lang man kasi talagang hindi kami magkaintindihan mabuti't na lang hindi tayo mag-abot. Hindi ko naman sinasabing matapang ako. Sinabi kotalaga papatayin ko kayo.

You destroy my country, I will have to tell you that you bring out the worst in me, the violent side of my persona. Eh naaawa ako sa bayan ko, Pastor, eh. So 'yang mga ganito as we are doing well in the terrorist front, we have been also minimized to the barest minimum ang droga.

**PASTOR QUIBOLOY:** May ano ako, Mayor, Mr. President, 'yong istorya mo about drugs noong bago ka maupo as president.

There is a story medyo malapit ito sa puso dahil ito pastor, pastor na nasa Manila. Mabait na pastor ito. While he was having Bible study in one home in Makati, naiwan 'yong anak niya na 15 years old. Maraming kapatid siya siguro tatlo kasama niya lahat. Itong bata naiwan. So she was about to take a bath nakatuwalya na lang, tapos pinasok siya nung pito na mga thieves and robbers obviously high on drugs, at pagkatapos 'yon pinagpapasapasahan siya, rape tapos ginawa lahat sa kanya. Mabuti hindi siya pinatay. Pero this is a pastor ha and her daughter was only 15 years old when she was raped by the seven men high on drugs.

Kaya we commiserate with you even the whole nation noong lumabas ka 'yong plataporma mo is about this number one 'yan kasi talamak na noon ang bansa natin. Kaya hanggang ngayon 'yong tao ang trust nila nasa iyo kasi hindi ka nagbago sa iyong pakikipaglaban sa droga anuman ang sabihin nila sa criminality kaya 'yon ang mataas pa rin sa puso ng tao hanggang ngayon.

While the critics are saying all of these negative things, pero 'yong tao alam nila na malayo sila sa puso kasi nasa sa iyo 'yong tapang at bilang Presidente natin nagmalasakit ka sa ating bayan because of that.

**PRESIDENT DUTERTE:** You know, I would like to --- before we leave the topic, Pastor --- wala talaga akong the... You drug people kayong nasa nakikinig ngayon na nasa negosyo ng drugs, you are doing an evil thing and you think that you can conquer good. So 'pag 'yan ang nasa paradigm ng isip ninyo, mindset ninyo, sabihin ko ito sa inyo: you are doing evil, and if possible, a force to --- sometimes I also do evil. So evil to evil tayo.

And do not ever, ever think that you are the only one who can do evil things kasi ako marunong rin akong bumaba sa impiyerno to really meet you where you want it to be. Hindi na ako mag-ano, hindi na ako mag-elaborate niyan pero kung anong kaya mong gawin, kaya ko rin talaga; at gagawin ko. Kaya ganoon nga ang nangyayari, hindi kita papayagan makalusot.

But, Pastor, for the life of me, I never, never allow the killing of the young people kasi 'yan, Pastor, in the hierarchy of things 'di 'yong mga may-ari ng droga nag-i-smuggle tapos sila 'yong humahawak, sila 'yong mga tinatawag na mga kapitan. Then kasi may connection 'yan sila sa countries outside of the Philippines at alam na natin ang ano. Tapos ibigay nila 'yan sa mga lieutenant, mga tinyente nila sa baba ibigay 'yan doon sa mga nagpapabili. Ang tawag niyan, Pastor, basurero.

Kaya ako sa mga bata sabi ko hulihin na lang. Pero itong nag-iimport itong mga lieutenants sabi ko that is evil; and if you want to play evil with me, kaya ko man rin mag... Kung wala kang kaluluwa, eh di wala din akong kaluluwa. And if you have to mortgage your soul to the devil, I can also talk to the devil at sabihin ko rin na ibigay mo rin 'yang kabulastugan kasi gagawain ko 'yan sa kanila.

If you cannot sabihin ninyo takot, sometimes good is --- good is good, kaya if you fight evil with good, walang mangyari, Pastor, walang mangyayari. Kung magsabi ka lang because you know you are not allowed by your religion, of course it is true that you are not supposed to kill, you are not supposed to --- because we are on the good side. Pero kungwala na lang --- bad sila tapos hindi mo naman tapatan ng bad, ah mahirap 'yan. Mananaloka diyan. But hindi ako magpayag because I said do not ever, ever think that you monopolize evil in this planet. Iyan lang ang gusto kong sabihin sa kanila.

**PASTOR QUIBOLOY:** That's why may katapat na 'yong mga masasama dito, Mr. President, at saka ito 'yong naging resulta kung may resulta 'yong droga na ganyan, may resulta rin 'yong ginagawa ninyo na mapayapa natin at matakot sila. So that is the result of what we are now enjoying as a peace and order country in the Philippines, starting with Davao noong mayor kayo dito. What about 'yong anti-corruption po ninyo?

**PRESIDENT DUTERTE:** Basta't ako kaibigan tayo pero sinabi ko naman sa kanila 'yan, huwag kayong pumasok sa corruption. And to date, Pastor, I have 'yong sa pastillas na 43 Immigration officer, ubos 'yon. Mayroon pang nadagdag tapos sa... Well, ang pinakamarami sa Customs. I think I terminated something like almost 70. Talagang inano ko sila. Kung ayaw maniwala ng tao na ginawa namin bahala kayo basta kami hindi man kami kailangan magyabang sa trabaho namin, basta ako sa corruption talagang yayariin kita.

I do not have to announce it to the public, I do not have --- hindi na ako puwedeng magyabang, hindi naman puwedeng ipagyayabang 'yan; at mayroon namang isang kabila na mga pu --- na kung anong sabihin mo babaligtarin. So ako tahimik na lang basta ako trabaho. Basta 'yang mga drug ano diyan trabaho lang rin ako, then maybe if I said if I have to mortgage my soul to the devil to fight them I will do it. But I hope, Pastor, that you will redeem the mortgage. Bayaran mo na lang para ganoon na lang eh ipagbili mo 'yong --- isangla mo 'yong kaluluwa. And then that's the reason why I am very honest with you na sana naman tubusin mo na lang ako doon sa impiyerno.

**PASTOR QUIBOLOY:** Grabe, Mayor, akala niyo iyon ang bilib ng tao sa inyo kasi iyong trabaho ninyo ginagawa ninyo to the extent that you lay down your own life for us. Scriptures nandiyan ‘yan, “greater love hath no man that this, that a man lay down his life for his friends,” para lang sa kapakanan ng bayan.

Kaya malapit ka sa puso ng mga Pilipino kahit ano pang mangyari. So iyon ang nakikita namin sa iyo na you are not doing this just to show off but you are doing this because it is your life and your personality na ‘pag nasa trabaho ka talagang totooan ‘yong trabaho mo at walang publicity, mayroon man o wala, you are doing your job. Shock din kami kasi pagdating mo diyan sa gobyerno, noon sa mayor ka lang, ngayon sa bilang Presidente, nakita mo talaga ‘yong extent ng corruption, Mr. President, ano po? That’s why ‘yong saano mo doon sa SONA mo, “I am fighting my own government” because you saw it.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sabi ko nga na I can solve the problem in six months. Little did I know that I will be fighting my own government. So tama, tama sila. Pero hindi ko man alam. It was not only after I appointed Bato to be the PNP chief and I told him “open the records, do not hide anything from me. Buklatin mo sa harap ko kung sino.” Then we discovered itong mga ninja cops, itong mga generals. Pero ‘yang ninja cops, Pastor, mga dalawa na lang ang naiwan. Talagang ninja ‘yang gumalaw sila pero maabutan ko man, maabutan ko. Medyo dalawa o tatlo na lang, wala na. So ‘yan.

Ang komunista naman we have offered the olive oil of --- the olive tree leaves.

**PASTOR QUIBOLOY:** Leaf.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ayaw pa nilang maniwala eh ‘di sige.

**PASTOR QUIBOLOY:** Pero ‘yong NTF-ELCAC, Mayor, Mr. President, is the real answer to this insurgency problem. Talagang nagsu-surrender-an na lahat because kita naman nila ang genuineness ng inyong pangako sa kanila na tulungan sila.

**PRESIDENT DUTERTE:** And to think that some senators even questioned it. Iyan nga ang mahirap, Pastor eh. I’ll tell you about government ano ha. Ang traffic ngayon sa EDSA maluwan na, okay. But early on sa administration ko, it was a crisis there. So ang mga advice nila Tugade, ‘yong mga bright boy ko, sabi nila, “Maghiram tayo ng pera. We can maybe adopt a --- an MRT or somewhere paakyat, pero basta we need money.”

Alam mo, hindi ko na lang sabihin ang senador na ‘yan, babae, but I will during maybe the campaign kasi tatakbo ito eh, sigurado ako, pangalanan ko siya. Sabi kasi niya, “Ah, wala, malaking pera ‘yan. Kukurakot --- kukurakot lang ‘yan.” Ah sabi ko noong narinig ko, sabi ko, eh bago ako, ah sabi ko, “Huwag na lang kung ganoon. So hayaan mo.”

Then I --- sabi ko, it behooves upon me now really to find out itong solution kung papaano. Now ito ngayong sa taas, makita mo na --- ito na lang ang binuhos ko ‘yong ano mga grant-grant, doon ko binuhos ‘yong pera.

O ‘di ngayon maluwan na ang tra --- traffic ng Maynila, talagang... If you go to Cubao-airport, it’s about 15 minutes.

**PASTOR QUIBOLOY:** Solved for the first time.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kako 'yan. Ayaw ninyo kasi... Alam mo kasi ang nauuna ang malisya.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyong malisyosa na utak ba. Siguro kaya ganoon kay kung sila gagawain nila 'yan.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon ang mentalidad nila kasi when they are in that position... Nakita naman natin in this --- hindi na lang ako magpapangalan --- 'yong mga administrasyong nakaraan, did they do something about this? Tapos they are crying about the problem. Pero in your administration, this is the first time the Filipino people saw the Build, Build, Build project ninyo na kaya pala.

**PRESIDENT DUTERTE:** So many roads, 29,000, Pastor.

**PASTOR QUIBOLOY:** Grabe, grabe.

**PRESIDENT DUTERTE:** Pati lahat ng airport ngayon maganda na.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon nga ang hindi mapaniwalaan namin at ng mga Pilipino, Mayor eh. Bakit nagawa ninyo ito? Sila noon kahit isang tulay, mahirap daw. Six years daw ang aabutin bago...

**PRESIDENT DUTERTE:** Noong aki --- noong ako, I called -- he's a very good worker, talagang may alam, I thought kasi anak ng mayaman ito si Villar, baka mag-secretary langdahil --- for the --- for the glory of it. Noong nagtrabaho, bilib ako, sabi ko. He is really a worthy son of Cynthia and Manny Villar.

**PASTOR QUIBOLOY:** You really selected the best people.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ang husay. Ang raming ginawa na daan, 29,000 kilometers of road.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yeah. Maalala ko 'yong ano noong sa Singapore, si Lee Kuan Yew noong umupo siya, 'yon ang hinanap niya, 'yong mga tao na the best for the --- for Singapore. Iyon ngayon ang nangyari sa'yo dito. You have the best people na talagang they do their job.

At saka ano, no nonsense talaga 'yong paggawa nila. The likes of Tugade, 'yong vision niya, pati 'yong...

**PRESIDENT DUTERTE:** Tugade is also good.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes.

**PRESIDENT DUTERTE:** Marami --- mga airport natin puro magaganda na, lahat.

**PASTOR QUIBOLOY:** Pati 'yong sa ano ngayon, 'yong sa DENR si ano, si...

**PRESIDENT DUTERTE:** Si Cimat.

**PASTOR QUIBOLOY:** Si Cimat. Tingnan mo 'yong --- 'yong ginagawa nilang issue 'yong Manila Bay. When --- when did we see Manila Bay like that?

**PRESIDENT DUTERTE:** Pati 'yong sa Boracay.

**PASTOR QUIBOLOY:** Boracay.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo ba nagtataka ako, napadaan ako gabi, sa kampanya, ang baho. Iyong hangin talaga, Pastor, papuntang from --- hindi galing palabas sa beach eh, papunta.

Sabi ko, "Anong nakita ng mga foreigners dito na you have the white sand but you endure the stink?" Kaya sabi ko, "Linisin ninyo." Ngayon, maganda na.

**PASTOR QUIBOLOY:** Noon pala kinabit lang nila 'yong mga drainage, diretso na sa dagat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyon pala 'yong ano because actually they are not supposed to be there. They are supposed to be just like any other --- the practice of all countries is that you are -- you have to find some space there malayo, tapos may easement 'yong daan, then 'yong beach.

Iyong sa Ipanema sa Brazil, napunta man ako, ang mga hotel parang Dewey Boulevard tapos may --- may highway, tapos magpunta ka pa doon. Ang beach malawak, it's about two kilometers pa bago makaano ka. I was privileged to travel there sa South America when I was a congressman.

**PASTOR QUIBOLOY:** Kagaya 'yong mga ginagawa ninyong mga daan ngayon mayroon siyang walkway na malalapad, maganda. It really beautified the country and we are proud to have a country like that na makita natin 'yon nangyari talaga.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, ano lang, Pastor ---

**PASTOR QUIBOLOY:** So we thank you for that.

**PRESIDENT DUTERTE:** Now, we go to the --- itong peace talks sa ---

**PASTOR QUIBOLOY:** CPP-NPA-NDF.

**PRESIDENT DUTERTE:** It's dead on its track. It's --- it is in still waters, walang ano.

**PASTOR QUIBOLOY:** At saka wala mang resulta 'yong peace talk-peace talk na 'yan, noon pa 'yan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala na. Ayaw ko nang makipag-usap eh. Eh kasi arogante. I mean, I reviewed with the military, sinabi ko sa military, "I-review ninyo ito. Bigyan ninyo ako ng recommendation."

So ni-review nila tapos ni-review ko ulit. Tama sila, it might appear as a --- it would appear that there is a --- the participation of the governance is just too much. Too much has been asked para mag --- parang on the economic policies of the country they would be a part of it like a coalition government.

**PASTOR QUIBOLOY:** No. Hindi puwede 'yon.

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi na ako sabi ko, hindi ako puwede diyan.

**PASTOR QUIBOLOY:** Ang endgame kasi niyan, Mr. President, is talagang to take over government eh. Iyon lang talaga ang endgame nila.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kagaya ng ano, ito, Pastor, we --- we almost, had I not interdicted it, actually, whether maniwala ang human rights o hindi, lahat ng mayors halos dito sa Mindanao were into drugs.

**PASTOR QUIBOLOY:** Oo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Lahat na were --- they were cooking drugs everywhere, sila Odicta, patay na; si Mabilog 'yong mayor ng ano, ng Iloilo na sumibat na kasi papatayin ko talaga siya eh. He was destroying my country. Naunahan lang --- naunahan lang niya ako ng sibat kasi may pera na. He claims innocence pero, Pastor, makita mo 'yong bahay niya sa Iloilo, mga mansion. I do not think that he is that rich or even if he is a son of a rich family, hindi ganoon nag...

At saka doon 'yong sa namatay na si ano, Parojinog, iyong wallpaper ng bahay nila, Pastor, pera, 500-500 pinagdikit talaga 'yan, wallpaper. Ginagawang wallpaper. Totoo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Grabe. Flaunting talaga.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, talagang ---

**PASTOR QUIBOLOY:** 'Di ba noong mayor kayo dito sa kuwan, Mr. President, dito sa Davao, we were already talking about this guy na siya 'yong ulo dito sa droga.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam ko, pero ang ano lang niyan, Pastor, is kaibigan kami. Pero tinanong ko siya minsan, sabi niya wala raw. Sabi ko, "Well, wala man o tama, wala ka man o mayroon, huwag ka lang pumasok ng Davao kasi magpatayan talaga tayo." Sinabi ko talaga sa kanya 'yan, do not ever include Davao sa ano.

Pero ang problema ang droga nila pasa-pasa. Iyong mga residente doon --- it's mostly a laid-back community. Wala mang mga tindahan, mga building, wala ngang mga mall. Pero kuntento ang mga tao doon. Eh papaano pala kukuha ng droga doon sa mayor nila, sila ang nagpa --- sila 'yong --- a community of...

**PASTOR QUIBOLOY:** Sila na 'yong distributor.

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi naman lahat, hindi naman lahat. Pero it was a community of pushers. Iyon ang...

**PASTOR QUIBOLOY:** Kung hindi nasugpo 'yon city to city.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kung hindi ko tinira talaga nang husto, 'yong ibang mayors namatay pero wala naman akong magawa diyan, sabi ko nga, you do not monopolize evil in this world. Kung hindi ko talaga --- we would have been closing --- closing in as a narco-state kagaya ng Medellin. They --- kung sino ang patakbuhan nila manalo.



**PASTOR QUIBOLOY:** That's it, iyon na 'yong katapusan natin.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kung hindi ko talaga binira sila nang husto, wala, Pastor, maging narco-state talaga tayo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Kaya on time talaga 'yong pagkalagay ninyo riyan. Thank God kasi ito na 'yong template ng leadership ng Pilipinas, 'yong leadership po ninyo, Mr. President. What about po dito sa COVID at saka sa AFP modernization?

**PRESIDENT DUTERTE:** COVID is a --- has a different line of budgeting at saka kung ano ang ano diyan, we do not touch that the things that --- the money that has already intended for a specific purpose.

Pastor, ang gastos natin sa COVID is separate. Iyon 'yong hiniram natin sa World Bank pati sa Development Bank of Asia.

**PASTOR QUIBOLOY:** Grabe ang laki ng budget dito.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sila ang magbayad. Hindi tayo --- hindi tayo ang nagkuha. Basta magbigay lang 'yong vaccine, i-process nila ang... Ito namang mga oposisyon, akala nila, "Where is the money? Where is the vaccine?"

Nag-order na kami, Pastor. Problem is wala talagang stock. Kulang ang supply. Ngayon medyo maluwanag na kasi sinigurado ng Amerika eh, medyo bakuna sila nang bakuna.

Ngayon, they can sell parang residual ng ano nila, stock. Pero tayo, the one thing dito saatin is dumadating na in bulk. So binabayaran natin, but ang bayad natin hindi 'yan --- hindi tayo makahawak ng pera. We do not get the money into our hands.

Itong mga iba, mga bright talaga, "Saan ang bakuna?" "Bakit --- ?" "Saan 'yong --- ?"

**PASTOR QUIBOLOY:** Akala nila 'yong pera sa kamay mo eh. Nasa kamay ng gobyerno.

**PRESIDENT DUTERTE:** Tapos ngayon nandiyan na ang bakuna, "Bakit mahina ang --- ?"[laughs] Nag-o-overtime na nga eh. Gusto nila na --- billion people, 110 million Filipinos.

**PASTOR QUIBOLOY:** We cannot vaccinate them in one day.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya nga, well, ito sabihin ko na, this time 'yong ibang siyudad bigyan ng malaki na rin na ano, allotment nila. Cebu, Maynila, Cagayan, Zamboanga, may spike eh.

Ayan, hindi kasi naniniwala, hawaan na. Iyan ang mahirap nga eh, ni wala itong katapusang purgatoryo natin na ito.

**PASTOR QUIBOLOY:** At saka may mga bagong variants na naman.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo. May mga bagong variants pa na --- mabuti't na lang siguro puwede pa 'yong bakuna natin. Kay kapag ibang klase ng bakuna ang kailangan, they have to go back to the laboratories and work their ass to death to find out kung saan sila makakuha.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iniisip namin, Mr. President, ito pong --- kung wala itong pandemic ano kaya ang naabot ng administrasyon ninyo sa development 'no? In spite of the pandemic ha, look what happened.

**PRESIDENT DUTERTE:** We are still BBB sa Standard and Poor. That was about BBB+ tayo. The next is BBB+, the next is A. And despite of our maybe lack --- total lack of funds to address all the problems of governance, binigyan pa rin tayo ng BBB+.

Ibig sabihin, Pastor, 'yong rating natin sa borrowing makahiram tayo ng pera.

**PASTOR QUIBOLOY:** Pahiramin pa rin tayo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Makahiram kasi alam nila makabayad tayo. So Dominguez has done a very good homework.

**PASTOR QUIBOLOY:** Sa Finance 'yon. Kaya you have the best people in your Cabinet who is really helping you. At saka alam naman nila 'yong stance mo sa corruption, talagang tutok sa trabaho.

Ito pong ano, Mr. President, itong possible VP run na sinabi ng PDP Laban, they gave you the nomination and they gave you the authority to also appoint who you want to be the president.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mahirap 'yon, Pastor, kasi mag-retire na ako. Tapos this time, ako ang mamili ng presidente. 'Pag manalo, sabihin nila ano ko lang 'yan, perpetuate yourself in power, so nagre-resist ako.

**PASTOR QUIBOLOY:** Pero the ano, the sentiment of the people is different eh. To you, alam namin 'yon because you are adverse to power or to positions like that because alam namin na 'pag may position ka, trabaho talaga 'yong sa'yo. Pero the people look at that and they want continuity sa 'yong ginagawa ninyo ngayon.

Iyong takot nila is 'yong mangyayari na naman 'yong mga old politics noon na 'pag may ibang gumanon, babaguhin na naman, aalisin na naman, balik na naman tayo sa corruption, balik tayo sa droga, balik tayo sa mga oligarch na hawak ang leeg, lahat na. Iyon ang takot ng taumbayan if there is no continuity.

Kaya 'yong sentiment ng tao ngayon is on that level. That's why your popularity is not going down. In fact, the clamor is as the same as --- much stronger than 2016 eh, the clamor of the people eh for you to still be there eh.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, ako naman, I'm ready for retirement. But if you ask me what is my greatest achievement, in a very humble way, ako, Pastor, I exposed the oligarchy in the Philippines.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yeah.

**PRESIDENT DUTERTE:** Eh sinasabi ko na noon sa kampanya, 'yang corruption 'yang sa mga Customs-Customs wala 'yan, sa taas. So until pumutok itong Manila Water pati... Kita mo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Not even in the time of Marcos, he's a strongman also, was not able to solve.

**PRESIDENT DUTERTE:** Noong nakita ko, Pastor, magbayad ako.

**PASTOR QUIBOLOY:** Oo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kasi pala doon sa contract, if the Manila Water would lose money because mayroong nabasag dito na pipe na ganoon, ang losses nila tayo ang magbayad.

**PASTOR QUIBOLOY:** Ang gobyerno?

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Ang tao.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya noong pagkita ko, sabi ko --- binasa ko tapos tayo ang magbayad ng corporate tax nila.

**PASTOR QUIBOLOY:** Wow.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah, Pastor, hindi ko lang dala 'yong papeles eh. Basta marami, Pastor.

**PASTOR QUIBOLOY:** Grabe.

**PRESIDENT DUTERTE:** Income tax, ganyan.

**PASTOR QUIBOLOY:** And that went on for years?

**PRESIDENT DUTERTE:** Ha?

**PASTOR QUIBOLOY:** For years 'yon bago kayo dumating?

**PRESIDENT DUTERTE:** No, no, it was started in 1996.

**PASTOR QUIBOLOY:** Ah grabe.

**PRESIDENT DUTERTE:** Tapos mayroon pa doon na ano sa mga bill ng for water treatment facility diyan sa Harrison, diyan ang water treatment facility. Since 1996, kinokolekta ng water treatment facility hanggang noong nag pumutok ako, wala mang niisang tubo na... Sabi ko...

**PASTOR QUIBOLOY:** But they were collecting since 1996?

**PRESIDENT DUTERTE:** They were collecting. Sinasabi ko --- sabi ko nga 'yong kontrata nila, 'yong iganon, iharap ko sa Anti-Graft law, parehong-pareho. Swak talaga.

**PASTOR QUIBOLOY:** So binago 'yon ngayon, Mr. President?

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, pinaba --- hindi nga ako pumayag eh. Ano sila, wala silang --- standstill ngayon ang ano. Hindi talaga ako pumayag.

Kung mayroon man akong maipagyabang is sabi ko 'yong mga oligarchs na binibigyan ng kapangyarihan na sobra-sobra. Walang in --- word by word, corporate tax tayo magbayad; malugi sila, tayo magbayad. Lahat na.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon ang stranglehold ng ano, ng ating development.

**PRESIDENT DUTERTE:** Malugi sila, tayo ang magbayad.

**PASTOR QUIBOLOY:** Hindi nakita 'yon ng mga unang administrasyon o sila 'yong nagpabor noon?

**PRESIDENT DUTERTE:** Tahimik. Ayala ba naman pati Pangilinan. Ako nag-go for broke ako diyan.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon, 'yon, Mr. President, ang isa rin sa ano sa kinatuwa ng taumbayan sa Pilipinas 'yong talagang hinarap ninyo the problem, sa English pa, you held the bull by the horn. Talagang direct collision sa lahat ng problema ng gobyerno na ano sa ating development.

Iyong CPP-NPA, number one; iyong sa drugs; 'yong sa oligarch; at corruption sa gobyerno. Those are the big problems that held back the Filipino and you were there for that in just less than six years.

**PRESIDENT DUTERTE:** At least ngayon, Pastor, takot talaga sila.

**PASTOR QUIBOLOY:** Oo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sabi ko nga I just fired a high government official.

**PASTOR QUIBOLOY:** Because you mean business eh in your job as our Chief Executive.

**PRESIDENT DUTERTE:** May sinibak ako noong isang araw.

**PASTOR QUIBOLOY:** But ma-reveal 'yan balang araw?

**PRESIDENT DUTERTE:** Ho?

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyong mga na-dismiss mo ngayon, it will be known by the public later or wala na 'yon?

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, kasi may mga ano eh, may mga private complainants. 'Di naman puputok 'yan kung walang pumipiyak eh.

So ako, I said you --- I give you the advice that if you want to file cases, go ahead. Sabi it will reflect into my sa aking administrasyon. Eh reflect ka nang reflect, tutal basta kulong ka doon wala akong pakialam.

**PASTOR QUIBOLOY:** You're not condoning it, paano mag-reflect 'yon? The reflection will be that you are not condoning it and you are, in fact, really on business sa pagpuputol niyan.

Next po, Mr. President, is your meeting with Russian President Putin. Nakipagpulong po kayo kamakailan lang kay Russian President Putin. Puwede po ba ninyo daw kaming bigyan ng mga detalye ng napag-usapan ninyo kung mayroon man?

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, I went to Russia because America blocked the sale of 23,000 Armalites to the Philippines, making me as an excuse sa record ko sa human rights. Two congressmen speak against the delivery so it was not delivered. Wala akong armas so nagpunta ako sa Russia.

Sinabi ko ganito. Sabi niya, "Do not worry, we'll give you." No he --- no basta, "no problem, we'll give you." Then I went to China.

**PASTOR QUIBOLOY:** China.

**PRESIDENT DUTERTE:** Nanghingi rin ako. So 'yong pagkukulang sa mga baril, so some are in the service itong made in China na ano. So 'yon ang...

**PASTOR QUIBOLOY:** Hindi ka man daw pinabayad 'no?

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi, wala. Wala, wala. Walang singko sentimos binayad ang gobyerno, gratis. Sabi niya, "We'll give it to you." Sabi ko, "We will pay."

**PASTOR QUIBOLOY:** And no strings attached ha?

**PRESIDENT DUTERTE:** Ha?

**PASTOR QUIBOLOY:** No strings attached na may kondisyon, may ano?

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala, wala, wala. Wala, wala, wala until now, to the credit of Russia. Kaibigan lang talaga kami. And kung sa on a personal level, mas close ako sa Russia kay wala man akong kakilala sa America. Sa Russia, maganda ang relasyon namin.

**PASTOR QUIBOLOY:** I was there with you when you went to Russia.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah nandoon ka man 'no? Kasama ka, oo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Then nag-ano kayo sa Sochi ni kuwan, ni President Putin, and he gave you much of the time [laughs] to talk. Bilib siya eh doon sa --- sa sinabi ninyo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya we go to the independent foreign policy.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes. Ano po 'yong ano ninyo sa independent foreign policy ninyo na may kampong nagsasabi na masyado raw tayong humihingi ng --- humihiling --- humihilig para pa-China. Ganoon po ba talaga ang nangyayari?

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, the --- itong mga tao na 'to parang --- hindi ako kilala and they do not really know also foreign policy. Ewan ko kung sinong nag-udyok nila to open their mouth about foreign policy.

Foreign policy is just being neutral. But ako, neutral in the sense that I do not favor one country for the other nor would I allow any of those countries to be in the Philippines to establish mga itong mga military bases.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes.

**PRESIDENT DUTERTE:** Except itong Amerika ngayon. But itong America must come clean. He who comes to equity must come with clean hands.

Ngayon kung makiusap sila, what was the fiasco all about? So even Senator Pacquiao said, "Punong-puno na ako. Hindi po ba't siya ang partido na ito... Kasi si Pacquiao ang hinanakit niya sa bago niyang naglabas ng public statement?" Well, if it's about foreign policy, I would not want to degrade him but next time he should --- mag-aral ka muna nang husto bago ka pumasok...

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes. It's a naive statement kasi hindi niya alam 'yong --- 'yong ano ninyo, Mr. President, iyon pong enemy to none, friends to everyone, that's a very good ano 'no statement of foreign policy. Iyon ang ginagawa natin ngayon. We are not beholden to anyone.

**PRESIDENT DUTERTE:** Apparently, this guy has a very shallow knowledge of ano ---

**PASTOR QUIBOLOY:** And knowing the mentality of Filipinos that they are always beholden to someone, especially dito sa bansa natin. And here you come, as a Filipino, we are proud of you to stand on your feet and stand for our country, beholden not to anyone but only to the Filipino people.

**PRESIDENT DUTERTE:** You know, about the only thing that came our way was the rifles that I asked and the four trucks that Russia gave, 'yong heavy lift na ano, mga ...

**PASTOR QUIBOLOY:** Heavy lift na mga trucks.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyon lang.

**PASTOR QUIBOLOY:** But the good thing about it is walang kondisyon.

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala, wala.

**PASTOR QUIBOLOY:** No strings attachment. Just friendship talaga.

**PRESIDENT DUTERTE:** I would be --- I would be telling a lie to the Filipino people if I say there was. Wala talaga. At kung may strings attached, then I would not accept any.

Ito ngayong VFA ang problema. May malaking problema tayo dito kasi nga nangyari itong broker ang Amerika tapos nag-atras tayo. Bakit ang China hindi nila pinilit na mag-atras rin?

Unless they can explain it to me in a very simple way na maintindihan ng buong Pilipinas, then I can begin to talk about their foreign forces.

Pero 'pag hindi, medyo malabo. Malabo, malabo 'yan. Sobra tayong binabastos ng Amerikano talaga.

**PASTOR QUIBOLOY:** One-sided talaga. What about dito po sa reinstatement of death penalty on heinous crimes?

**PRESIDENT DUTERTE:** I have always been for the restoration of the death penalty. Wala man -- the law was not --- I think the law was not abrogated, suspended lang. So wala. Sinuspend (suspend) lang 'yong mga --- just 'yong the act of killing a criminal.

Ako, basta heinous crime, heinous crime, drugs tapos 'yong nangyayari ng --- sabi mo 'yong the atrocities committed against so many innocent persons. Iyong bata diyan sa Makati na kinatay, ipinako pa diyan sa kawayan.

Kaya ako --- iyan ang hindi maintindihan ng human rights. Iyan ang hindi maintindihan ng human rights. Sabi nila na 'wag mong patayin, idemanda mo. Well, kung madala pa. Usually maglaban 'yan eh. Eh ayaw nila maniwala 'yan minsan desperate mag-agaw ng baril. Totoo man.

In my --- siguro sa pagka-mayor ko, tatlong beses 'yang inagawan ng baril. Inagawan ng baril, namatay pa ang pulis. Inagawan ng baril, patay ang pulis. Akala nila drama 'yan eh. Wala 'yan... I am for the restoration of...

**PASTOR QUIBOLOY:** Even the Bible is clear on that, Mr. President, po 'no iyong sinabi ng word of God, "There is a sin unto death. There is a sin not unto death, pray for them. But there is a sin unto death."

May talagang kasalanang ang pataw ay kamatayan. Even the Bible is clear on that sa 1 John 'yan. Kaya ako tinanong din ako kung payag ako doon, as a spiritual person, akala nila 'yong sagot ko na no, no, pero it's biblical. It's biblical na those kind of people when you let them loose tulad ngayon ang problema ng Amerika 'yan eh ngayon.



They let loose these criminals, and what they do to the --- to the society? They commit more crimes, more heinous than what they committed before. So dapat 'yon sa Pilipinas talaga.

Iyon pong COVID response natin, sabi nila napabayaang daw ng pamahalaan ang medical frontliners. 'Di ba inuna sila?

**PRESIDENT DUTERTE:** Inuna sila, Pastor. Ano lang 'yon ng ano, alam naman nila, nakikita naman. The TV would not lie. I'm sure 'yong itong outfit dito rin na covered it. Ano lang 'yan ng -- - just maghanap ng mali, Pastor, all politics.

**PASTOR QUIBOLOY:** They cannot find anything anymore in your administration, maliliit na bagay ginagawang issue, the more na nagiging katawa-tawa eh.

Ito pong police involvement in crimes?

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah they have to pay. They have to pay. Ang aking rule is if you are a military man, you are a policeman, you do your duty in accordance with law tapos nasabit ka, I will defend you.

Pero itong policeman, nalasing ka, torpe ka, tapos pumapatay ka pa ng tao, ah kungnandiyang ako, papatayin kita. Wala kang silbi. Ako hindi ako nag --- hindi ako nag-aano, Pastor, nambubugbog talaga ako ng pulis. Noong mayor ako, lalo na lasing, bago ako nagbili ako ng --- nagbili ako ng bagong patrol cars, Toyota pa kasi ma-ano, durable.

Nandoon isang pulis na opisyal, gidrayban niya, pagdating diyan sa PLDT diyan sa circle, Jones Circle, tinamaan niya ang island, natumba 'yong police car. Anong sinabi sa akin? Sabi ko "Dalhin mo 'yon dito sa harap." Binugbog ko talaga.

Wala akong... Ma-ano ang --- ma-ano 'yung fuse ko diyan sa mga ganoon. Iyong... Iyang mga pulis, akala nila matapang, madali lang silang ano --- 'yong barilin 'yong babae pati 'yong... Bakit nakapasa ng neuro 'yan? Mag-ano ng... A petty quarrel tapos ganunin mo.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyong last 'yong lola 'yong binaril niya eh. Hindi mo naman kasalanan 'yon.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ganyan talaga, walang maasahan. Iyan, makulong talaga 'yan. Makulong 'yan, Pastor, sigurado. I will see to it na makulong.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon daw ano, Mr. President po, itong isang issue naman 'no. Iyong potential successor ninyo. Sa tingin daw ninyo, siya ay may kayang magpatuloy pagbaba ninyo, nasimulan ninyong mga proyekto kailangang mahigitan o maipatupad pa 'yong mga programa. So ang sinasabi nila, sino 'yong nasa isip ninyo?

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala, Pastor.

**PASTOR QUIBOLOY:** Wala pa ano? So let the time go. [laughs]

**PRESIDENT DUTERTE:** Looking at the political horizon? Wala. Maski ikaw alam mo...

**PASTOR QUIBOLOY:** Kaya 'yong six years ninyo kulang eh. [laughs] Totoo pa, iyong six years na 'yan, talagang napakakulang kasi you know the sentiments of the whole Filipino nation is like what I am telling you now. It's not just from me.

Kaya nakita nila 'yong takeoff natin --- pag-take off ng bansa in your administration, eh hindi na maalís 'yon eh. Naging template na 'yon kaya para bang kulang sa panglása ang inyong six years na alam naming patapos na kayo pero parang we are holding back the time.

Huwag muna [laughs] kasi 'yong continuity nga ang dapat mangyari and you have the best people in your Cabinet that are doing what you wish them to do for the country. Iyon ang hindi nagawa ng iba. So that sentiment is in the hearts of the Filipino.

We are now being proud of our country. Nagiging proud tayo sa bansa natin. I used to go around before the pandemic, iyon palagi ang sentiment. Kaya kayong mga OFW, lahat sabuong mundo, they love you because of what they are seeing na isang araw ang isip nila gaganun na tayo, maging first world country or second world country. Babalik na rin sila, dito na magtrabaho. Ang kinikita nila doon, makikita na nila dito.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sayang inabot tayo ng pandemic, Pastor.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon nga, Mr. President, kung hindi tayo inabot ng pandemic, ano pa 'yong magagawa ninyo? Doble pa siguro kasi in spite of the pandemic, eh nagawa naito, 'yong nagawa niyo ngayon. Nakikita natin hindi naman maano 'yon. So iyon ang --- iyon ang sentiment ngayon in the political horizon, there is no one talaga.

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala, wala akong nakita na ano deserving.

**PASTOR QUIBOLOY:** Siguro kung kaunti lang ang nagawa ninyo sa administrasyon niyo, puwede pang tabunan ng ibang issue nila. Pero now, what you have done enormously for the country cannot be hidden.

Hindi na puwedeng takpan 'yon at saka hindi na puwedeng gawing issue 'yon. Wala naakong nakikita at walang nakita ang mga tao. So the foreboding in our hearts is for the next few years is the continuity of what you have done.

On the lighter notes po, Mr. President, iyong your plans after Malacañang?

**PRESIDENT DUTERTE:** Uwi ako sa Davao, mag-retire.

**PASTOR QUIBOLOY:** We will still be praying for you to be strong, have a long life, healthy life, and enjoy the rest of your life.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mag-boarder na lang ako doon sa Prayer Mountain mo. [laughs] Maganda man doon.

**PASTOR QUIBOLOY:** Maggo-golf na lang tayo. [laughs]

**PRESIDENT DUTERTE:** Maggo-golf.

**PASTOR QUIBOLOY:** But you know, sa isip at puso namin, if you become the vice president, kasi isang term ka lang naman, you will not be as hard up as when you were President.

You can still relax, but you will still be there to be the beacon and guide of the Filipino which they have longed for na kahit na retired ka na parang semi-retired ka na rin niyan eh, nandoon ka pa rin at this nation still needs you. So pag-isipan natin 'yon at we will be praying for you.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well... Pero si Inday... Kagabi man ako dumating. Si Inday, kinausap ko talaga kagabi, "Do not run. Do not ever, ever commit the mistake of running for presidency."

Wala sa... I do not mean to insult the Filipino people. Presidente, wala ka talagang makuha. Wala, wala para sa iyo except for one thing: iyong sense of fulfillment mo sa kapwa tao mo ---

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- na may nagawa ka. Aside from that, it's an empty --- puro ka na lang trabaho diyan. Now, unless magtakbo ka ng presidente tapos mangurakot ka, ah you will become a billionaire or millionaire whichever you want. Pero is that the life that you want? Kung sobra-sobra ang pera, anuhin mo man 'yan?

Sabi ko sa kanya, "Knowing you..." Maawa ako sa kanya, magtrabaho ka ang suweldo 200 [thousand]. Buti sana kung... Itong Pilipinas naman o, buti sana kung bigyan ka naman ng mga 1 million.

**PASTOR QUIBOLOY:** One million a month.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, one million ang salary. Tapos bigyan ka 200 [thousand] sige ka trabaho? Tapos atakehin ka, criticize ka, bababuyin ka in the likes of Trillanes, nandiyan 'yang mga 'yan. Tapos itong mga chuchuwariwap ng mga presidential aspirants.

"You do not deserve it," sabi ko sa kanya. "You do not deserve it. Anak kita, maawa ako saiyo. At alam ko naman na hindi ka magpunta ng kalokohan. Kaya sabihin ko sa iyo ngayon, huwag kang tumakbo."

Sinabi ko talaga sa kanya 'yan. Wala na akong... Kagabi 'yon. Sinabi ko, "Huwag kang tumakbo."

**PASTOR QUIBOLOY:** So kung ano po, Mr. President, wala pa kayong nakikita na talagang makakapagpapatuloy sa ano ninyo --- sa legacy na iniwan ninyo ngayon?

**PRESIDENT DUTERTE:** Mayroon pero hindi na --- mabuti't na lang mag-neutral na lang rin ako. Pero mayroon diyang mga aspirants. I may... I may publicly name them when the time comes.

Hindi naman 'yong kandidato na... Ewan ko lang. I... I do not mean to insult anybody but it takes more than just what you show today 'yong na kaya mo ngayon. Much more than that, presidency is more than that.

**PASTOR QUIBOLOY:** You were there and you know it kasi... So...

**PRESIDENT DUTERTE:** How are you supposed to talk to Biden? How are you supposed to talk to Xi Jinping?

**PASTOR QUIBOLOY:** Pero sa survey, anumang klaseng survey, si Inday Sara talaga 'yong number one eh. Gusto ng tao.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam ko 'yan, Pastor, pero...

**PASTOR QUIBOLOY:** Maybe he --- maybe she will be given the capability of the Lord when the time comes na nandoon na siya knowing that she has your blood, she has your --- she has your values. Matuwid din 'yan si Inday.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, paningin ko parang ano rin siya... Sinabi ko na huwag. Wala ka talagang makuha sa... Pwera insulto na lang sa ating bayan. Wala ka talang makuha diyan sa presidente, pagod lang.

**PASTOR QUIBOLOY:** Trabaho, pagod.

**PRESIDENT DUTERTE:** Except one, mayroon lang isang reward diyan na at the end of the day magtingin ka sa kuwarto mo, magtingin ka sa papel na maraming pirmahan, you could say that you have done something for your countrymen. Iyon lang, 'yon lang 'yong sense of fulfillment mo diyan. Kung tama na ba 'yan, kung wala kang pera tapos karami --- nako, mababawi 'yong ano mo, nai-erase 'yan minsan 'yong fervor mo. Itong buhay na ito eh. Pero kung manguwarta ka, ah ibang istorya 'yan.

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon talaga ang 'yong ex-factor ninyo na iba sa tumatakbo kaya 'yong iba atat na atat tumakbo because they have a different mentality or different thinking in going to the presidency eh [laughs] kaya nagpupumilit na pumunta doon.

**PRESIDENT DUTERTE:** If not for the money, at least for the power.

**PASTOR QUIBOLOY:** Yes. But look at you, you --- your sense of responsibility and your sense of 'yong trabaho mo talagang hina --- hinaharap mo. And we've known you for that in the many years you are in --- you are mayor of Davao City.

Your sense of responsibility sa trabaho mo talaga tutok. Binuhos mo talaga 'yong buhay mo. That's why the Filipino people, whether you are there or not, will never forget what you have done.

So kahit wala kang material, monetary reward in this world but what you have left us is what matters. That there is a President Rodrigo Roa Duterte that was put to that position and made a difference for our country.

**PRESIDENT DUTERTE:** I'd like to add something, Pastor, I hope I do not offend you.

Alam mo, alam mo saan ako gustong magtira? Iyong bahay na binigay mo. Itong mga --- itong mga Trillanes akala siguro talaga na 'yong bahay na binigay mo, sabi mo pag-retire mo may matirahan ka, iyon ang sabi sa akin 'yong gabi na 'yon na dinala mo ako doon. Iyon, doon siguro ako titira. Makitid masyado 'yong...

**PASTOR QUIBOLOY:** Well, I saw your ano your house in --- 'yong old house mo 'pag bumabaha 'di ba? Naanod pa 'yong sasakyan mo doon nakasakay ka pa eh. Saka may rubber boat ka na...

**PRESIDENT DUTERTE:** I lost --- I lost a motorcycle there sa baha.

**PASTOR QUIBOLOY:** So that is our friendship. Sila naman sinasabi, "that's graft." Sabi koanong klaseng tao --- mga tao ito, may puso ba kayo? Our mayor is doing his job and he never think of himself. Who will think for him na may madisente man lang siyang matitirahan? We are blessed.

**PRESIDENT DUTERTE:** At saka ang title niyan nasa sa developer pa kaya hindi ko mailagay doon sa ano 'yong sa ano. Bakit ko ilagay na hindi ko pa man --- hindi pa ako nag-retire eh ang usapan namin ni Pastor, pag-retire ako doon ako titira. Akala siguro nila nakuha ko 'yong maganda na bahay diyan sa RP dahil sa kurakot. Sabi ko nga noon sa kanila "bigay ni Pastor 'yan."

**PASTOR QUIBOLOY:** And hindi ka nanghingi sa... You are not that kind of person namagparamdam, magparinig, kung ano. But you know, we see you. Ako, I see people like you and out of the --- the gratitude of my heart, I'm really willing to help you to the extent of anything that will make you comfortable in this life.

So 'yon ang puso ko at hindi lang ako ha, marami pa diyan na... Pero ayaw mo talaga 'yong ganoon na binibigyan ka, alam ko 'yon. You are only accepting something that comes from mostly from me 'yong ganoon.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kakaunti lang, Pastor, kung ikaw, si Sammy Uy. Eh kasi Sammy Uy, hindi nila kilala akala nila Chinese na --- iyan, estudyante pa 'yan boarder ng bahay namin sa lunchtime. Classmate ni Bong 'yan sa kapatid kong bunso. Doon 'yan kumakain sa bahay. Long, long before na ano naging politiko ako.

**PASTOR QUIBOLOY:** And he's been a supporter of you from the beginning, iyang sila Sammy.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyan makikita nila sa election returns nandiyan nililista eh. Itong mga akala sila lang 'yong may --- may mga puso na kaibigan na... Palibhasa sa kanila puro...

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyon ang isip nila kasi sa presidency. Eh ngayon nakakita sila ng isang presidente na iba 'yong takbo ng utak tulad sa iyo. [laughs] You are not really into that ano.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ako naman, Pastor, kung gusto ko lang 'di --- kung ganoon lang naman ang gusto ko eh nag-umpisa na ako noong mayor pa ako.

**PASTOR QUIBOLOY:** Oh yeah, that is right. Pero your values can never change lalo ngayon you are in that age at ngayon --- noong mayor ka bata ka pa noon eh.

Kaya you are my --- my friend in the political world that I cannot forget because, ako, pobre din kami pero 'yong itinuro ng mga magulang ko sa akin is really the values of what I have now in the kingdom lalo na sa ano sa materyal, sa pera, na you be honest with what you have and the Lord will bless you. And I think you are more than blessed. You will be written in the annals of Philippine history.

Para sa akin, Mayor, hindi kita binobola kasi even --- even in our private conversation I am telling you this without anyone hearing about it, you are a Philippine hero. Heroic lahat 'yong ginawa mo eh. Binangga mo lahat ang problema ng bayan na hindi kayang banggain ng iba because they were just pleasing the people, all the people that they can get favor of.

Pero sa iyo, you are different, you are a different --- you were made differently by God for that purpose. So one thing I appreciate about your parents, Nanay Soling, you father, of what they have instilled in you even in your young life until you were propelled to be the President of this country and you made a big difference since Jose Rizal. [laughs]

Si Rizal made a difference in our country from the foreigners. Pero 'yong nagawa niya maliit lang 'yon sa nagawa mo ngayon for this modern times, for the Filipino nation. Kaya para sa akin, six years is ang liit --- maliit talaga pero I don't want you to suffer more because of... Pero naharap mo na eh, nakaya mo talaga eh, nabangga mo talaga 'yong mga higante eh. You are like David who have slain all of these giants that take us back to undeveloped status.

**PRESIDENT DUTERTE:** Or my... Sabi ko nga, to repeat my greatest achievement if somebody would --- is I destroyed the tentacles of the oligarchs in this country. Stopped short ng mga...

**PASTOR QUIBOLOY:** Iyan talaga, Mayor, ang legacy mo na for me is --- pero hindi lang sa akin, kahit na 'yong mga ordinaryong Pilipino na lang. Ang OFW ha, ang OFW talagang may puso 'yan na makakita talaga sa mga sinsero. So that is your legacy that cannot be erased.

Kahit ano pang sabihin ng mga critics. I'm sorry about the critics, I am a pastor, I look at all the people equally because you all have souls and salvation. But when we talk about this country and what the leaders have done, nothing can compare.

So your leadership is now a template of others to follow. If they will fall short, they will be despised by the Filipino people. And I hope na 'yong espiritu mo lumipat doon sa ibang [laughs] --- sa ibang mga ano --- sa ibang gustong maging lider dito.

So we thank God for giving us this time as our guest.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you for you also.

**SIS. CARDONA:** Thank you so much, Mr. President. And this time we'd like to ask our President, Pastor, for his final words. Mr. President?

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, I'm extremely happy, again, as I --- as I am always when I --- whenever I made a guest here. I can talk freely and nawawala 'yong ano ko --- mayroon akong kaunting --- hindi ako mahiya na it's a frank discussion.

And as a matter of fact, our talk, just now, well, I never, never really for a moment na-ano ko na we are being recorded. Wala, it's a freewheeling discussion and it's nice.

I'd like to thank the Pastor, the Jesus Christ Congregation and Nori, for the --- being privileged, actually. Alam ko hindi ka naman nag --- you don't --- ano, mag-guest ng mga ibang tao, alam ko 'yong ano mo. Kaya if you happen to be a guest here, you can consider yourself very, very lucky because the --- the Pastor and --- does not just --- he does not invite anybody else, ako lang. And I said, I feel so privileged to be accepted and be a guest tonight.

Thank you very much, Pastor, Nori, and the rest of you guys. Maraming salamat. [applause]

**SIS. CARDONA:** Thank you so much, Mr. President, for taking the time to be with us here on SMNI. Pastor, for your message and for your prayer, Pastor.

**PASTOR QUIBOLOY:** Equally, nagpapasalamat po kami, Mahal na Pangulo, dahil sa pinaburan ninyo ang aming imbitasyon na makapiling kayo dito at masabi natin sa taumbayan kung ano 'yong mga nasa puso ninyo at sa mga nagawa na ng inyong administrasyon sa loob ng wala pang anim na taon, which is a legacy that cannot be erased.

For us you are a hero, you are a Filipino hero na paminsan-minsan lang siguro naibibigay ng Amang makapangyarihan dito sa mundo. Kaya before we end, I would like to pray for you, our country and your family.

Manalangin po tayo:

Dakilang Ama, salamat po sa pagkakataong binigay ninyo sa amin na ang aming Mahal na Pangulong Rodrigo Duterte ay bumisitang muli at nakipag-usap po sa amin, sa inyong bansa, at sa lahat po ng paggamit ninyo sa kanya. Ginamit ninyo ang lakas ng kanyang katawan, lakas ng pag-iisip, binigyan ninyo siya ng katalinuhan upang ang bansang ito ay mabigyang ng landas na maganda. At naipamalas po niya sa kanyang administrasyon na wala pang anim na taon, tinatamasa na ng bansang Pilipinas ang kagandahan ng kanyang nagawa na pinakikinabangan ng buong bansang Pilipino.

Salamat po, Ama, na binigay ninyo siya sa amin sa pagkakataong ganito, na ginamit ninyo ang kanyang buhay mula pa noong mayor siya, hanggang ngayon na naging Presidente't Pangulo siya ng bansa. Walang iniisip kung 'di ang kabutihan naming mga Pilipino. You have given us a legacy of a president that will not be erased in our memory and all in the history of our country.

For that, Father, we are full of gratitude and thanks --- thanksgiving to you, that you have gifted us a leadership in the person of our beloved President.

I pray, Ama ko, na pagpalain po ninyo siya, bigyan pa siya ninyo ng lakas, kunin niyo ang mga nasa katawan niyang karamdaman o kung ano man, pagalingin po ninyo at kung maaari gamitin pa po ninyo siya sa isang paraan na kaming lahat ay nananalangin sa kanya na maging pagpapala pa siya sa bansang ito.

Salamat po sa lahat ng pagkakataong ito na binigay ninyo upang kami ay makipagpulong sa inyo at sa inyong bansa. Salamat po sa lahat ng ito. Pagpalain din po ninyo ang kanyang pamilya, ang lahat ng kanyang tinatangkilik, mga mahal sa buhay, mga apo niya, mga anak niya, at lahat ng mga mahal niya sa buhay.

Salamat po sa gabing ito, pagpalain po ninyo ang bansang Pilipinas muli at pagpalain po ninyo ang aming Pangulo, ang aming mahal na Pangulong President Rodrigo Roa Duterte.

Sa inyo pong dakilang pangalan, amin itong ibinabalik ang kapurihan – Amen and Amen.

[applause]

**--- END ---**